## Ang ika-23 na LIHAM NG OBISPO UKOL SA MGA GAWAIN UPANG MAPIGILAN ANG IMPEKSIYON SA COVID 19

Ang kagalang-galang Mario Yamanouchi, Obispo ng Saitama
Hunyo 30, 2022

Matapos ang maingat na mga pagsasaalang-alang sa kasalukuyang situwasyon ukol sa Covid 19, at sa mga kahilingan at payo na aking narinig sa pagpupulong ng Diyosesis kasama ang mga kaparian at mga diyakono nuong Hunyo 20, tayo, sa Diyosesis ng Saitama, ay nakapagdesisyon na luluwagan ang mga Gawaing Mapigilan ang impeksiyon ng Covid 19 sa mga sumusunod:

1. **Ang mga Misa sa Linggo kasama ang kongregasyon (pati ang Bihilyang mga Misa)**

Kagaya pa rin nung dati, ang mga misa kasama ang kongregasyon ay papayagan lamang magdiwang sa Japanese, o sa Japanese na may parte sa mga pagbasa at/ o parte ng panalangin ng bayan na may ibang mga lengguwahe.

Ukol sa pagbabalik ng mga misa as ibang mga lengguwahe, makikita niyo ang mga detalye sa susunod na ika-24 na Liham ng Obispo ukol sa mga gawain upang mapigilan ang impeksiyon ng Covid 19 sa darating na mga araw.

2. **Ang paggugrupo ng kongegasyon sa mga misa.**

   Dahil magkaiba ang situwasyon as bawat parokya, kayo ay ipagkakatiwala na gumawa ng inyong desisyon ukol sa paggugrupo sa inyong kongegasyon matapos ang maingat na mga konsiderasyon ng inyong Kura Paroko at kometiba ng parokya.

3. **Ang pag-awit ng mga himno (kasama ang mga tugon at Ama Namin, atbp)sa mga Misa sa Linggo**

   Kayo ay hinihiling na magsuot ng mask na magtatakip ng bibig. Kayo ang magdesisyon kung sino ang kakanta ng mga himno, atbp., kung ang solowista o choir o ang buong kongregasyon ngunit mahina ang boses.

4. **Ang Banal na Komunyon**

   Kagaya nung dati, kayo ay patuloy na sabihan na maglagay ng mask na magtatakip sa bibig, hugasan ng maayos ang kamay at huwag tumanggap ng komunyon sa bibig.

5. **Ang gawaing maglingkod ng mga altar servers at iba pa.**

   Kayo ay sasabihan na mag-ingat para maiwasan ang impeksiyon ng Covid 19, gaya ng pagsuot ng mask na magtatakip sa bibig at disimpektahin ng maayos ang mga kamay at daliri.

6. **Ang mga pagbabawal sa bilang at mga pagpupulong sa parokya at mga pag-aaral na grupo, atbp.**

   Ipagkatiwala sa inyo ang paggawa ng mga desisyon ukol sa bilang sa loob ng pagpupulong ng paroya ngunit panatilihin ang mga pag-iingat na mapigilan ang impeksiyon ng Covid 19, gaya ng pagsuot ng mask at iwasan ang masikip na pagkumpol-kumpol.

   Subalit, hindi kayo papayagan na magkaroon ng grupong may kainan at inuman pagkatapos ng misa, atbp. sa panahon ngayon.

   Maraming salamat sa inyong pag-unawa at maayos na kooperasyon.